


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 6: Walang Kabutihang Dulot ang Kasakiman



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 6: Walang Kabutihang Dulot ang Kasakiman
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Glenda T. Navato, Maria Fe P. Alas	
Editor:	Josefina E. Tanciongco, Ma. Shiela C. Adona	
Tagasuri:	David C. Alcober, Renante C. Delima	
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.	
Tagalapat:	Gualberto R. Gualberto Jr., Marvin DJ. Villafuerte	
Tagapamahala:		
	Ma. Gemma M. Ledesma	Mariza S. Magan
	Arnulfo M. Balane	Edgar Y. Tenasas
	Rosemarie M. Guino	Mark Chester Anthony G. Tamayo
	Joy B. Bihag	Gretel Laura M. Cadiong
	Ryan R. Tiu	Ranulfo L. Baay
	Amenia C. Aspa	Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 6:
Walang Kabutihang Dulot ang
Kasakiman**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Bakit mahalaga para sa mga tao na ingatan at pangalagaan ang kapaligiran? Paano natin maipakikita ang pangangalaga ng kalikasan?

Ang mundo ay biyayang ginawa ng Diyos para sa tao. Ang tao ang inaasahang mangalaga sa lahat ng bagay na nasa mundaog dahil sa kanya ito ipinagkatiwala.

Ang lahat ng likas na yaman nakikita sa ating kapaligiran ay ginagamit ng tao pang mabuhay. Habang tayo ay nakikinabang rito, mahalagang maunawaan natin na tayo ay may responsibilidad na alagaan ito ay huwag abusuhin.

Ang sumusunod na mga layunin ay ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Napatutunayan na di-nakukuha sa kasakiman ang pangangailangan
 - pagiging mapagbantay sa mga ilegal na gawaing nakasisira sa kapaligiran
- Natutukoy ang mga gawaing nakasisira sa kapaligiran
- Nakasusulat ng talata tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran



Subukin

Buuin ang mga naghalo-halong titik para maging isang salita.

1. N A M I K K A S A _____
2. G A L L E I L _____
3. N G A N G A A L A P G A _____
4. S I R A S I K A N A _____
5. N A R I G I L A P A K _____
6. Y O N R A S H E N E _____
7. N A M A Y _____
8. T I N A H A R _____
9. T U P A G N O G _____
10. K A S L I N A S K A _____

Aralin 1

Walang Kabutihang Dulot ang Kasakiman

Ang kasakiman ng isang tao ay kadalasang nagiging sanhi upang ito ay makagawa ng hindi mabuti sa kanyang kapwa. Ang salitang sakim ay nakaugnay sa pagiging makasarili at pag-iisip ng sariling kapakanan lamang. Ang taong sakim ay hindi natin dapat tularan dahil ito ay nagpapakita ng kawalan ng pagmamahal sa kapwa at sa kanyang mga nasa paligid. Mas nakabubuti na taglayin natin ang pagkakaroon ng malasakit sa kapwa at pagiging mapagbigay.



Balikan

Pag-aralan ang talahanayan. Sa hanay ng **SAGOT**, iguhit \triangle ang kung **palaging ginagawa ang gawain**, \bigcirc kung **paminsan-minsan lang** at kung hindi pa. Sa hanay ng **EPEKTO**, lagyan ng \checkmark **kung ito ay nakabubuti** at \times **kung nakasasama**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

GAWAIN	SAGOT	EPEKTO
1. Itinatapon sa labas ng bintana ng sasakyan ang mga balat ng pagkain matapos kumain kapag nagbibiyaha.		
2. Tumatakas sa paglilinis ng silid-aralan kapag araw ng paglilinis ng aking pangkat.		
3. Nakikiisa at tumutulong sa programang pangkaligtasan at pangkapaligiran sa aming paaralan o sa aming lugar.		
4. Pinupulot ang mga kalat na nadadaan sa kalsada kahit walang nag-uutos sa akin.		
5. Pinipitas ang mga bulaklak sa halaman ng hindi nagpapaalam.		

6. Pagsusuot ng <i>face mask</i> at <i>face shield</i> upang mapangalagaan ang sarili laban sa COVID-19.		
7. Iniiwasang pumunta sa matataong lugar at makisalamuha sa mga may sakit.		
8. Palagiang paghuhugas ng kamay pagkatapos humawak ng anumang bagay.		
9. Pinapanatili ang isang metrong layo mula sa ibang tao.		
10. Sinisikap na laging may kaalaman sa mga balita o impormasyon na nag-uulat tungkol sa pandemya.		



Tuklasin

Basahin ang tula at sagutin ang susunod na mga katanungan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ating Kayamanan

(Isinulat ni: Juliet Lugas Lim)

Luntiing dahon at kabundukang sadya ating makikita
 Tubig sa ilog na nagbibigay ginhawa sa bawat isa
 Ang dagat kung iyong makikita sadyang nakikiisa
 Sa bawat damdaming iyong nadarama.

Lahat ng ito'y libreng handog ng Diyos na Siyang may likha
 Kanyang tanging payo *saiyo*, "*ito ay ingatan at pagyabungin pa*"
 Kamay na handog iyong gamitin, kumilos at gumawa
 Hangad nito'y buhay natin ay sumagana at makatulong sa kapuwa.

Ang mundo'y isang milagrong-likha para iyong makita
 Biyayang-yaman hindi para *saiyo* lamang kundi para din sa iba
 Hangad nito buhay na laan ay sumagana
 Pagyamanin ang yamang laan para kinabukasan ay gumanda.

1. Ano ang mensahe ng tula?
2. Paano inilalarawan ang kalikasan sa tula?
3. Ano ang payo sa tula ukol sa kalikasan?
4. Sa iyong palagay nagagawa kayo ito ng mga tao? Ipaliwanag.
5. Ano kaya ang mga dahilan kung bakit may mga pagkakataong nasisira ang kalikasan?
6. Paano kaya mapapangalagaan ng mga tao ang kalikasan?



Suriin

Tayong mga tao ay tagapangalaga sa mga yaman ng mundo. Dahil dito, marapat lamang na gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang mapanatili nating maayos at maganda ang mundo. Kailangan natin itong mapanatili bilang isang lugar na matitirahan ng susunod pang henerasyon.

Nakalulungkot isipin na may mga taong hindi nauunawaan ang kanilang responsibilidad sa kalikasan at ang maaaring epekto ng kanilang pagiging sakim. Ang pagiging sakim ay nangangahulugan ng pag-iisip ng para sa sarili lamang at hindi isinasaalang-alang ang kapakanan ng ibang tao at ng kapaligiran. Maraming gawain ang mga tao na nagpapakita ng kasakiman lalo na sa kalikasan. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- Pagkakalbo ng mga kagubatan at labis na pagpuputol ng mga puno na maaaring magsanhi ng matindi baha at pagguho ng lupa o *soil erosion*.
- Hindi wastong pagtatapon ng basura sa paligid at sa katubigan tulad ng ilog at dagat na nagdudulot ng pagbaha dahil sa baradong daanan ng tubig, pagkamatay ng mga isda at ibang yamang tubig.
- Ang pagsusunog ng mga basura lalo na ang mga *plastic*.
- Illegal na pangingisda na may paggamit ng dinamita at iba pang kagamitang nakasisira sa mga yamang tubig.
- Labis at maruming usok ng mga sasakyan na nagpapadumi ng hangin at nakasasama sa kalusugan ng tao.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga gawaing nagpapakita ng kasakiman na nagdudulot ng pagkasira sa kapaligiran. Ang mga ganitong kilos ay kawalan ng malasakit sa mundo at sa ibang tao. Bilang isang mamamayan, may magagawa ka ring mga paraan upang maiwasan ang mga ganitong pangyayari tulad ng:

- Pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran.
- Pagtulong sa iyong mga kasama sa bahay sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga halaman.

- Pagtatapon ng basura sa wastong paraan at lalagyan.
- Hindi pag-aaksaya ng tubig, kuryente, pagkain at mga likas na yaman.

Lahat tayo ay may responsibilidad na pangalagaan ang kalikasan. Isipin din natin ang kinabukasan at ang susunod na henerasyon na maaaring makinabang rito. Huwag maging sakim at isaalang-alang ang kapakanan ng iba at ng kapaligiran bago tayo gumawa ng anumang bagay na maaaring makasira sa ating kalikasan.



Pagyamanin

Magbigay ng solusyon sa mga suliraning ipinakikita sa mga sumusunod na larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Nagtatapon ng basura sa ilog

1. _____



Nagsusunog ng mga basura

2. _____



Esterong puno ng mga basura

3. _____



Labis na pagputol sa mga puno

4. _____



Mangingisdang gumagamit ng dinamita

5. _____



Isaisip

Pumili ng angkop na salita sa loob ng panaklong. Isulat ito sa patlang upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

Ang _____ (kasakiman, kabaitan) ay walang maidudulot na kabutihan. Ang mundo ang _____ (maghahatid, magbibigay) sa tao ng lahat ng kaniyang mga pangangailangan tulad ng: hangin, tubig, pagkain, tirahan, at iba pa. Kailangan tayong _____ (magtulungan, magkanya-kanya) upang mapanatili natin ang _____ (kalinisan, karumihan) ng ating paligid. Kailangan na nating _____ (maging tamad, kumilos) hangga't maaga pa bago mahuli ang lahat.



Isagawa

Basahin ang pahayag sa ibaba. Magbigay ng limang halimbawa kung papaano mo mapahahalagahan ang biyayang natatanggap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang ginagawa natin sa mga likas na yaman ng mundo ay isang salamin, kung ano ang ginagawa natin sa ating sarili at sa bawat isa. Pahalagahan at mahalín ang mga likas na mapagkukunang yaman bilang isang sagradong pamana, para sa iyong mga anak. Huwag hayaan ang sariling pan-interes na bumabalot sa ating pagkatao. Bagkus dapat isipin ng bawat isa ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa dahil lahat tayo ay nangangailangan ng lakas ibang tao para magawa natin ang ating mga mithiin.

Isinulat ni: Luthy Gay Villamor

Mga sagot:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Tayahin

Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Pumili ng pinakatamang sagot na nagpapakita ng mabuting pangangalaga sa ating kalikasan. Isulat na lamang ang titik ng iyong sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang magandang paalaala tungkol sa pagpapanatili ng kaayusan?
 - a. Bulag ka ba? Hindi mo ba nakikita ang basurahan?
 - b. Huwag magkalat. Magmumulta ka kapag nahuli ka.
 - c. Pakitapon ang inyong mga kalat sa basurahan.
 - d. Sa tingin mo tama ba dito ang pagkakalat?
2. Sa panahon ng Quarantine dahil sa COVID-19, ano kaya ang iyong maaring gawin para makatulong sa kalinisan?
 - a. Himukin ang lahat ng mag-aaral na maglaro sa bakuran ng paaralan dahil malawak ito.
 - b. Hayaan ang opisyal ng paaralan na magpasiya tungkol dito.
 - c. Maglinis ng bahay at magtanim ng mga gulay sa paligid.
 - d. Gumawa ng mga islogan na may tema ng pagtanim ng puno.
3. Naglunsad ang inyong mayor ng isang proyektong humihikayat sa lahat na magtanim ng mga gulay sa kanilang likod-bahay dahil sa bawal lumabas dahil sa COVID 19. Bilang miyembro ng isang organisasyong pangkabataan sa inyong pamayanan, paano ka makatutulong sa proyektong ito?
 - a. Balewalain ang proyekto dahil may iba ka pang gustong gawin.
 - b. Imungkahi sa SK na magkaroon ng paligsahan para sa pinakamaraming bilang ng maitatanim na mga halamang gulay sa bawat barangay.
 - c. Hayaan ang mga magulang na makiisa sa proyekto.
 - d. Ikaw mismo ang magsimulang magtanim sa tulong ng iyong mga kapatid at patnubay nina nanay at tatay.

4. Ang iyong nanay ay naglilinis sa mga kalat sa kalsada na malapit sa inyong bahay. Ano ang gagawin mo?
 - a. Magkunwaring wala kang nakita.
 - b. Hihingi ng mungkahi sa mga magulang kung ano ang iyong maaaring maitulong.
 - c. Magkikibit-balikat na lamang dahil wala ka namang magagawa.
 - d. Hayaan ang mga magulang sa paglilinis kasama ang ibang miyembro ng pamilya.
5. Nakasakay ka sa dyip papuntang paaralan. Napansin mo na ang unahang dyip ay nagbubuga ng makapal at maitim na usok. Ano ang gagawin mo?
 - a. Balewalain ang nakita mo dahil sanay ka na sa ganitong usok araw-araw.
 - b. Sabihan mo na lang ang tatay mo na ihatid at sunduin ka sa paaralan.
 - c. Sabihan ng may paggalang ang drayber na maaring magdulot ng sakit at nakasasama sa kapaligiran ang maitim na usok ng kaniyang dyip.
 - d. Magsumbong sa mga magulang.
6. Nagbakasyon ka sa probinsya. Isang araw, narinig mo ang lolo mo na inuutusan ang isa niyang tauhan na magkaingin o pagsunog sa k matataas na damo sa bukid. Ipinagbabawal ito dahil may masamang epekto ito sa tao at sa kapaligiran. Ano ang gagawin mo?
 - a. Ipaliliwanag mo sa mahinahon na paraan sa lolo mo na ipinagbabawal ito at sasabihin din ang masamang epekto nito sa tao at sa kapaligiran.
 - b. Magagalit ka sa lolo mo.
 - c. Isusumbong mo ang lolo mo sa mga awtoridad.
 - d. Pagsasabihan mo ang mga manggagawa sa bukid na itigil ito.
7. Maraming mga bote at bag na *plastic* ang nanay mo. May proyekto ka sa paaralan na nangangailangan ng mga *plastic* na bote at bag. Ano ang gagawin mo?
 - a. Susunugin mong lahat.
 - b. Sasabihin mo sa kanina na ipamigay na lang ang mga iyon.
 - c. Babalewalain mo ang tungkol sa bagay na iyon.
 - d. Humingi ng pahintulot sa nanay mo na gamitin ito para gawing proyekto.
8. Natutuhan mo sa klase ang halaga ng paghihiwalay ng mga basura ayon sa nabubulok, hindi nabubulok at maaaring *i-recycle*. Ngunit hindi ito naisasagawa sa bahay ninyo. Ano ang iyong gagawin?
 - a. Turuan ang mga kasama sa bahay na maghiwalay ng basura.
 - b. Hayaan lamang sila sa kanilang gawain.
 - c. Hintayin ang iyong mga magulang na sila ang magturo sa mga kapatid mo.
 - d. Kausapin si nanay na maglaan ng mga basurahan para sa paghihihiwalay ng mga basura at ipaliwanag ang kahalagahan nito sa pag-aalaga sa kapaligiran.

9. May maliit na bakanting lote sa inyong bakuran. Gusto mo sanang magtanim ng ilang mga halaman dito. Ayaw kang payagan ng tatay mo dahil hindi mo naman daw maaalagaan ang mga ito. Ano ang gagawin mo?
- Hihilingin mong payagan kang magtanim para makita niyang may pananagutan ka sa pag-aalaga ng halaman.
 - Hahanap ka ng ibang bakanteng lote na mapagtataniman.
 - Hindi ka na magtatanim dahil iyon ang sinasabi ng tatay mo.
 - Iba na lang ang gagawin mo kahit labag sa kalooban mo.
10. Habang naglalakad pauwi, nadaanan mo ang iyong kaibigan na akmang itatapon sa ilog malapit sa inyo ang kanilang basura. Ano ang iyong gagawin?
- Hayaan lang siya dahil gawain mo din iyon.
 - Pigilan at ituro ang tamang tapunan ng basura.
 - Hindi papansinin ang kaniyang ginagawa
 - Tutulungan ang iyong kaibigan sa kaniyang ginagawa.



Karagdagang Gawain

Sumulat ng talata tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran at ang kahalagahan nito sa mga tao at ang mga maaaring magawa upang mapanatili ito. Isulat ito sa sagutang papel.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> kasakiman illegal pangangalaga nakasistra kapaligiran henersyon yaman tirahan pagtugon kalikasan 	<p>Pagymanin</p> <p>(Maaring magkaiba-iba ang sagot)</p> <ol style="list-style-type: none"> itapon ang mga basura sa tamang tapunan iwasan ang pagsunog sa mga basura dahil makaaapekto ito sa kalusugan ng mga tao makissa sa pamayanan na linisin ang mga estero upang maiwasan ang pagbaha mahigpit na ipatupad ang pagbabawal sa pagpuputol ng mga puno ipagbawal ang paggamit ng dinamita sa pangingsida 	<p>Suriin</p> <p>(maaring magkaiba-iba ang sagot)</p> <ol style="list-style-type: none"> tungkol sa likas na yaman Sa mga tao Masistra at wala ng magagamit ang ibang tao Ingatan ang yamang ibinigay at tumulong sa kapuwa Maaring iba-iba ang sagot 																		
<p>Balikan</p> <p>(Maaring magkaiba-iba ang sagot)</p> <table border="1"> <thead> <tr> <th>Epekto</th> <th>Sagot</th> <th></th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td></td> <td></td> <td>1.</td> </tr> <tr> <td></td> <td></td> <td>2.</td> </tr> <tr> <td></td> <td></td> <td>3.</td> </tr> <tr> <td></td> <td></td> <td>4.</td> </tr> <tr> <td></td> <td></td> <td>5.</td> </tr> </tbody> </table>	Epekto	Sagot				1.			2.			3.			4.			5.	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>(Pagsulat ng talata tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran)</p>	<p>Isagawa</p> <p>(Maaring magkaiba-iba ang sagot)</p> <p>Pahalagahan ang lahat ng mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos. Makissa at maging responsableng mamamayan sa pamamagitan ng pagtulong sa pangangalaga sa kapaligiran.</p>
Epekto	Sagot																			
		1.																		
		2.																		
		3.																		
		4.																		
		5.																		
<p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none"> Kasakiman magbibigay magtulongan kalinisan kumilos 	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> c, a, 6 c, d, 7 d, a, 8 b, a, 9 c, b, 10 																			

Sanggunian

Department of Education. n.d. *K to 12 Curriculum Guide 2016 in EsP Grade 5*. Department of Education.

Department of Education —. n.d. *Regional Test Item Bank*. Department of Education.

Ylarde, Zenaida R., and Peralta Gloria A. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon: Vibal Group Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph